

Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 1:

**Paggawa ng Patalastas at
Usapan Gamit ang Iba't Ibang
Bahagi ng Pananalita**

**Paggamit ng Pangkalahatang
Sanggunian sa Pagtipon ng mga
Datos na Nilangang**



**Filipino – Ikaanim na Baitang
Alternative Delivery Mode**

Ikaapat na Markahan – Modyul 1:

- **Paggawa ng Patalastas at Usapan Gamit ang Iba’t Ibang Bahagi ng Pananalita**
- **Paggamit ng Pangkalahatang Sanggunian sa Pagtipon ng mga Datos na Kailangan**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtulis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Clarissa V. Sayon, Roselyn C. Roldan	
Editor :	Juliet P. Quezon	
Tagasuri:	Juliet P. Quezon, Emily D. Claro, Edwin Pameroyan Carmel Joy P. Aujero, Jenelyn G. Navajas, Roselyn Roldan Celestino S. Dalumpines, IV, Angela B. Dilag, Antonette Espora	
Tagaguhit:	Ednan Jamandre, Ana Mae P. Aujero	
Tagalapat:	Jerry R. Baguios, Joy P. Nakamura, Jerome B. Reyes	
Mga Tagapamahala:	Ramir B. Uytico	Gladys Amylaine D. Sales
	Nicasio S. Frio	Elena P. Gonzaga
	Donald Genine	Federico P. Pillon, Jr.
	Juliet P. Quezon	Carmel Joy P. Aujero

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education: Region VI

Office Address: Duran Street, Iloilo City

Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653

E-mail Address: region6@deped.gov.ph

FILIPINO

Ikaapat na Markahan – Modyul 1:

**Paggawa ng Patalastas at
Usapan Gamit ang Iba't Ibang
Bahagi ng Pananalita**

**Paggamit ng Pangkalahatang
Sanggunian sa Pagtipon ng
mga Datos na Kailangan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kamusta mag-aaral? Binabati kita! Nasa ikaapat na markahan na tayo ngayon.

Sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, pasulat man o pasalita, gumagamit tayo ng iba't ibang bahagi ng pananalita upang patalasin ang ating kasanayan sa paggawa ng maayos at epektibo na patalastas at usapan: mapa-*tv*, mapa-radyo, maging sa pahayagan, o sa iba't ibang uri ng akdang pampanitikan. Inihanda ang araling ito upang mahasa ang iyong kasanayan.

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahan kang:

- nakagagawa ng patalastas at usapan gamit ang iba't ibang bahagi ng pananalita. **(F6WG-IVb-i-10)**




Subukin

Panuto: Batay sa larawan **A** at **B** na makikita mo sa ibaba, gumawa ng usapan at patalastas gamit ang iba't ibang bahagi ng pananalita. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

A. Usapan



B. Patalastas



Aralin 1

Paggawa ng Patalastas at Usapan Gamit ang Iba't Ibang Bahagi ng Pananalita

Bago natin umpisahan ang isa pang bagong aralin, subukin natin ang iyong kaalaman sa mga bahagi ng pananalita.

Kaya mo bang kilalanin kung anong bahagi ng pananalita ang mga salita sa loob ng pangungusap? Sagutin ang sumusunod na gawain.



Balikan

Panuto: Kilalanin kung anong bahagi ng pananalita ang kataga/salitang may salungguhit. Piliin ang iyong sagot sa: pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, pang-abay, pang-ukol, pangatnig, at pang-angkop. Isulat sa sagutang papel.

1. Isang malakas na bagyo ang Yolanda.
2. Si Miriam ay bumili ng pasalubong para sa mga kapatid niya.
3. Makinis ang kaniyang pisngi.
4. Darating na ang mga bisita mamaya.
5. Sumasagot si Ian ng kaniyang modyul.



Tuklasin

Ang tao ay may mga pangangailangan upang magkaroon ng isang disenteng buhay at nadadagdagan ito ng sobrang daming ninanais na makamantan maliban sa simpleng pangangailangan.

Dahil hindi maiwasan ang kompetisyon sa pag-akit sa mga mamimili, ang mga negosyante ay may iba't ibang paraan upang hikayatin ang mamimili. Sa radyo, telebisyon, at mga magasin ay maraming mga patalastas upang maging mabili ang kanilang mga paninda o produkto.

Paraan din ito upang mabatid ng mga mamimili ang kanilang maaasahan sa mga bagay o produktong kanilang nais bilhin. Kaya, mahalaga na ang isang patalastas ay madaling maunawaan at nakakaakit sa atensiyon ng mamamayan.

Panuto: Suriin ang sumusunod na patalastas at usapan. Kilalanin kung anong bahagi ng pananalita ang mga salitang may salungguhit. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Silak

¹Ako ang mutya ng ²Kansilay,
Siyampong Silak ang gamit kong ³tunay,
⁴Mabango, madulas sa buhok kong taglay,
⁵Kaya't gamitin habambuhay

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



6. _____

7. _____

8. _____

9. _____

10. _____



Suriin

Ano ang patalastas?

Ang **patalastas** ay isang paraan ng pag-anunsiyo ng produkto o serbisyo sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng komunikasyong pangmadla.

Ito ay naglalayong hikayatin ang mga tao na bilhin ang mga bagay o produkto na nais nilang tangkilikin at dito rin nalalaman kung ang mga bagay na ito ay epektibo o de kalidad.

Ang patalastas ay ang pakikipag-ugnay sa mga tao na ginagamitan ng iba't ibang uri ng pananalita.

Halimbawa:

Gusto mo bang kuminis ang iyong kutis?
Gumamit na ng Kamis *lotion*!
Puputi ka na, kikinis pa ang kutis mo!
Mabibili ito sa lahat ng *grocery store*.

Ano naman ang usapan?

Ang **usapan** ay ang komunikasyon na namumutawi sa dalawang tao. Ito rin ay palitan ng linya ng dalawa o higit pang tauhan na nag-uusap.

Halimbawa:

Nina : Magandang umaga po, Ginang Marcel!
Ginang Marcel: Magandang umaga naman, Nina. Saan ka pupunta?
Nina : Maghahatid po ako ng agahan ni tatay sa taniman namin.
Ginang Marcel: O, sige mag-ingat ka sa daan.
Nina : Maraming salamat po! Aalis na po ako.

Ang patalastas at usapan ay gumagamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita. Naaalala mo pa ba ang mga ito?

Iba't ibang bahagi ng Pananalita

1. **Pangngalan** – Ito ay salitang tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, pook o lugar, hayop, o pangyayari.

Halimbawa: Arturo, Adidas, Silay City, bata, Pasko, gusali

2. **Panghalip** – Ito ay bahagi ng pananalita na pamalit o panghalili sa pangngalan o kapuwa panghalip upang mabawasan ang paulit-ulit na pagbanggit nito.

Halimbawa: ako, ito, siya, ayan, sila, ayon, tayo, kami

3. **Pandiwa** – Ito ay bahagi ng pananalita na nagsasaad ng kilos o galaw.

Halimbawa: sayaw, lakad, takbo, laba

4. **Pangatnig** – Ito ay mga salita, lipon ng mga salita o kataga na ginagamit sa pag-ugnay ng isang salita sa kapuwa salita, ng isang parirala sa kapuwa parirala, o ng isang pangungusap sa kapuwa pangungusap.

Halimbawa: ngunit, kung, kasi, subalit, o, para

5. **Pang-ukol** – Ito ay bahagi ng pananalitang nag-uugnay sa pangngalan, panghalip, pandiwa, at pang-abay sa pinag-uukulan ng kilos, gawa, ari, balak, o layon.

Halimbawa: ukol sa/kay, ng, laban sa/kay, para sa/kay

6. **Pang – angkop** – Ito ay mga katagang nag-uugnay sa magkakasunod na salita sa pangungusap upang maging madulas o magaan ang pagbigkas ng mga ito. Ginagamit din ito upang pag-ugnayin ang mga panuring at ang mga salitang binibigyang-turing nito.

Halimbawa: na, ng, at g

7. **Pang-uri** – Ito ay isang bahagi ng pananalita na nagbibigay-turing sa isang pangngalan, o panghalip, karaniwang sinasalarawan nito o ginagawang mas partikular.

Halimbawa: maganda, mahaba, hugis puso, berde

8. **Pang-abay** – Ito ay bahagi ng pananalitang nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri, o kapuwa pang-abay.

Halimbawa: taimtim, bukas, sa paaralan, kaunti



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Basahin at unawain ang usapan. Tukuyin kung anong bahagi ng pananalita ang salitang may salungguhit. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Letty : Uy, ¹Ben! Kumusta ka na? Bakit hindi ka na pumapasok sa klase?

Mario : May problema ²ka ba? May maitutulong ba kami sa 'yo?

Ben : ³Tinutulongan ko kasi ang nanay ko sa pagtitinda ng gulay ⁴sa bayan.

Letty : O sige, aasahan namin na papasok ka na ⁵bukas at tutulungan ka naming magpaliwanag kay Gng. Cortes kung bakit ka lumiban sa klase.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Gawain 2

Panuto: Basahin at unawain ang patalastas. Kilalanin kung anong bahagi ng pananalita ang mga salitang may salungguhit. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

NANGANGAILANGAN!!!

⁶KASAMBAHAY NA BABAE
Gulang: 22-30
Pinag-aralan: Tapos ng ⁷Sekundarya

Makipagkita ⁸kay:
⁹Bb. Clarissa Sayon
Blk. 40, Lot 1, Carmel Subdivision
Brgy. 59, Lungsod Silay, Negros Occidental
¹⁰Tumawag sa Telepono 0998-089-9041

6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____

Gawain 3

Panuto: Salungguhitan ang salita sa sumusunod na patalastas at usapan ayon sa hinihinging bahagi ng pananalita sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- | | |
|------------|---------------------------------------------------------|
| Pangngalan | 1. Maging sikat sa barkada! Isuot, Kamisetang Piña. |
| Pang-uri | 2. Matibay at malambot sa paa ang sapatos ko. |
| Pang-abay | 3. Ang sabong Sinag ay tunay na pampaputi. |
| Pangatnig | 4. Malambot at matibay na, magaan pa sa bulsa! |
| Pang-ukol | 5. Para sa lahat ang lasa Sorbetes-Pinoy malasa talaga! |

Panghalip
Pandiwa
Pang-angkop
Pangngalan
Pang-uri

6. Ako ang mutya ng Pasig.
7. Umiinom ako ng gatas tuwing umaga.
8. Ang tibay, sariling atin
9. Masarap kainin ang mainit na saging.
10. Maganda ako.



Isaisip

Ano ang dapat isaisip sa paggawa ng mga patalastas at usapan?

Kailangan natin ang iba't ibang bahagi ng pananalita sa paggawa ng patalastas at usapan.

Ang **patalastas** ay isang uri o anyo ng komunikasyon o pakikipagtalastasan para sa pagmemerkado o pagbebenta upang mahikayat o mahimok ang madla na magpatuloy o gumawa ng ilang bagong kilos. Sa pinakakaraniwan, ang inadhikang resulta ay ang maimpluwensiyahan ang ugali ng mamimili alinsunod sa isang alok na kalakal o produkto.

Ang **usapan** ay komunikasyon na namumutawi sa dalawang tao; pagpapalitan ng ideya ng isang tao sa kaniyang kausap; maaaring tumukoy sa tipan, diyalogo, talakayan, o kuwentuhan.



Isagawa

Panuto: Gumuhit at gumawa ng isang patalastas at usapan gamit ang iba't ibang bahagi ng pananalita. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

A. Patalastas tungkol sa pinuntahang lugar na di-malilimutan

B. Usapan ng ina at anak



Tayahin

Panuto: Gumawa ng isang patalastas at isang usapan gamit ang iba't ibang bahagi ng pananalita batay sa pinili mong produkto at paksa at sa rubrik sa ibaba. Gawin ang sagot sa iyong sagutang papel.

Rubrik sa paggawa ng patalastas

Pamantayan	5	4	3	2	1
1. Nahihikayat at kaagad na nakakuha ng atensyon ang patalastas.					
2. Maikli ngunit malinaw ang pagkakalahad ng mensahe.					
3. Mahusay, praktikal at kaakit-akit ang patalastas.					
4. Matapat nitong nailahad ang mga benepisyo ng patalastas.					
5. Sa kabuoan, mahusay na nakapaglahad ng impormasyon.					

Rubrik sa paggawa ng usapan

PAMANTAYAN	NAPAKAHUSAY 5	MAHUSAY 4	KATAMTAMAN 3	KAILANGAN NG PAGSASANAY 2-1
Paggawa ng usapan (Kalidad ng paggawa o angkop na usapan)				
Nilalaman ng usapan				
Anyo ng usapang ginawa				
Dating / Hikayat sa mambabasa				
Daloy ng buong usapan				



Karagdagang Gawain

Panuto: Gumawa ng isang patalastas at isang usapan gamit ang iba't ibang uri ng pananalita batay sa rubrik na ibinigay sa Tayahin. Pumili ng produkto/paksa sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- Produkto:
1. *cellphone*
 2. *ice cream*
 3. *pabango*
 4. *sapatos*

Paksang pag-uusapan:

1. pagpapalano ng pagbakasyon ng isang pamilya
2. paghahain sa pananghalian
3. pag-aasikaso sa isang alagang hayop
4. paghahalaman



Alamin

Magandang araw!

Ngayong panahon ng pandemya, isang libangan na kapaki-pakinabang ay ang pagkalap ng mahahalagang mga impormasyon na iyong makukuha sa pagbasa ng iba't ibang pangkalahatang sanggunian.

Sadyang mahalaga sa atin ang paggamit ng mga sanggunian sa pagtipon ng mga kaalaman na ating kailangan.

Isa sa una mong maaring sangguniin upang makakuha ng mga pangunahing impormasyon tungkol sa iyong paksa ay ang pangkalahatang sanggunian tulad ng mga sumusunod: diksyunaryo, *encyclopedia*, *Atlas*, *Almanac*, at *internet*. Bukod sa mga datos na makukuha mula rito, maaari ring gamitin ang mga ito upang malaman kung anong materyales pa ang puwede mong mapagkukunan ng mga kaalaman para sa iyong sinasaliksik.

Maliban sa mga datos na makukuha natin dito, magagamit din natin ito upang malaman kung saan pa tayo maaaring makakuha ng iba pang kaalaman tungkol sa paksang nais nating matutuhan.

Pagtatapos mo ng modyul na ito, inaasahan kang:

- nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagtipon ng mga datos na kailangan. **(F6EP-Ivg-6)**



Subukin

Panuto: Tukuyin kung anong uri ng pangkalahatang sanggunian ang gagamitin sa pagkuha ng sumusunod na mga datos o impormasyon. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ang titik lamang sa sagutang papel.

A. *almanac* B. *atlas* C. diksyonaryo D. *encyclopedia*

1. kahulugan ng isang salita
2. lawak nga bansang Amerika
3. mga bahagi ng teleskopyo
4. taong pinakamabilis tumakbo sa buong mundo
5. tamang pagpapantig ng isang salita
6. mapa ng kontinenteng Asya
7. siyentipikong nakadiskubre ng telepono
8. topograpiya ng bansang Hapon
9. tamang bigkas ng isang salita
10. pinakamalakas na lindol na tumama sa taong 2020

Aralin

2

Nagagamit ang Pangkalahatang Sanggunian sa Pagtipon ng mga Datos na Kailangan



Balikan

Panuto: Tingnan nang mabuti ang pahina ng diksyonaryong ito. Isulat kung anong bahagi ng pananalita ang sumusunod na mga salita. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. gulang
2. guro
3. gusto
4. gutom
5. guyam


gulang, png. – edad, taon, tanda, kahinugan	gupit, png. – pagputol sa
gulat, png. - gitla, gulantang, takot, sindak	buhok, papel, damit, atbp.
gulo, png. – gusot, ligalig, gimbal, bagabag	guro, png. – maestro, titser,
gulong, png. -ikot, inog, ikit	tagapagturo, propesor
gumon, pu. – babad, lublob, pagkasugapa	gusto, pd. – nais, ibig, hangad
gunita, png. -alaala, memorya, salamisim	gutom, pu. - hayok
gupiling, pd.-idlip, himlay, pahinga	guyam, png. -langgam, hantik



Tuklasin

Panuto: Suriin at basahin nang mabuti ang pahinang ito ng *encyclopedia*. Magtala ng limang (5) datos tungkol sa kompyuter batay dito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Kompyuter



Ang isang kompyuter ay isang pangkalahatang paggamit na kasangkapan na maaaring iprograma upang magsagawa ng isang may hangganang hanay ng mga operasyong aritmetiko o lohikal. Dahil ang isang sunod-sunod na mga operasyon ay maaaring handang mabago, ang kompyuter ay makalulutas ng higit sa isang uri ng problema. Sa konbensiyon, ang isang kompyuter ay binubuo ng hindi bababa sa isang elementong nagpoproseso na tipikal ay isang *Central Processing Unit* (CPU) at isang anyo ng memorya. Ang CPU ay naglalaman ng mga operasyong aritmetiko at lohikal at *control unit* (CU) na kumukuha ng mga instruksiyon sa memorya at nagsasalin at nagsasagawa ng mga ito na tumatawag sa *Arithmetic Logic Unit* (ALU) kung kinakailangan. Ang unang elektronikong *digital* na mga kompyuter ay pinaunlad sa pagitan ng 1940 at 1945 sa United Kingdom at Estados Unidos.

Ang mga sukat nito ay orihinal na kasinlaki ng isang malaking kuwarto at kumokonsumo ng labis na elektrisidad gaya ng ilang mga daan-daang modernong *personal* na kompyuter (mga PC). Sa panahong ito, ang mga mekanikal na analogong kompyuter ay ginagamit para sa mga aplikasyong pang-militar. Ang mga modernong kompyuter na nakabatay sa mga *integrated circuit* ay milyon hanggang bilyong mas may kakayahan sa mga sinaunang kompyuter at umookupa ng isang praksiyon ng espasyong kailangan ng mga ito. Ang mga simpleng kompyuter ay sapat na maliit upang magkasya sa mga *mobile device* at ang mga *mobile computer* ay maaaring paandarin ng isang maliit na baterya. Ang mga personal na kompyuter sa iba't ibang mga anyo nito ay mga bahagi o kaugnay ng Panahon ng Impormasyon at ito ang mga naiisip ng mga tao na tinatawag na “kompyuter”.

Gayunpaman, ang mga *embedded computer* na matatagpuan sa maraming mga kasangkapan mula sa mga *mp3 player* hanggang sa mga sasakyang panghimpapawid na pandigma at mula sa mga laruan hanggang sa mga industriyal na *robot* ang pinakamarami. Karaniwang nagagamit na rin ang mga modernong kompyuter sa pagnenegosyo, pagpapaganda ng larawan, paglikha ng musiko, at pakikipag-ugnayan. Ang agham pangkompyuter ang disiplina na nag-aaral ng teorya, disenyo, at paglalapat ng mga kompyuter.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Suriin

Sa ating pananaliksik, kailangan natin ang mga sanggunian sa pagkalap ng mga datos.

Ano-ano ang mga pangkalahatang sanggunian na maaari nating kunan ng mga mahahalagang datos?

Pag-aralan ang sumusunod na pangkalahatang sanggunian:

- a. **Almanac.** Ito ay naglalaman ng mga mahahalagang impormasyon at pangyayari na naganap sa isang tiyak na taon sa buong mundo.
- b. **Atlas.** Ito ay naglalaman ng mga impormasyong pangheograpiya ng iba't ibang bansa at kontinente sa mundo.
- c. **Diksiyonaryo.** Ito ay naglalaman ng kahulugan, bigkas, baybay, pagpapantig at kung anong bahagi ng pananalita ang isang salita.
- d. **Encyclopedia.** Ito ay naglalaman ng mga datos sa lahat ng sangay ng karunungan at ito ay nakaayos nang paalpabeto.
- e. **Internet.** Isang teknolohiyang maaaring pagkunan ng maraming kaalaman sa tulong ng kompyuter at mga *high tech* na telepono.



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Gamit ang pahina ng isang atlas sa ibaba, magtala ng limang (5) datos o impormasyon tungkol sa bansang Pilipinas gamit ang mga gabay na salita. Isulat ang sagot sa sagutang papel

Atlas of the Philippines

Tagalog

Pilipinas – Republika ng Pilipinas

Isang kapuluang bansa ang Republika ng Pilipinas. Mayroon itong higit kumulang 7,641 na mga pulo. Matatagpuan ito sa rehiyong tropikal ng kanlurang bahagi ng Karagatang Pasipiko at 100 kilometro ang layo nito sa kontinente ng Asya. Napapaligiran ng mga anyong lupa ang bansa tulad ng bulkan, bundok, kapatagan, burol, lambak, talampas, bulubundukin, pulo, yungib, at tangway. May mga anyong tubig din nakapaligid dito tulad ng karagatan, dagat, look, lawa, ilog, talon, at iba pa.

Bikolano: Filipinas

Cebuano: Pilipinas

Hiligaynon (Ilonggo): Pilipinas

Ilokano: Pilipinas

Kapampangan: Pilipinas

Pangasinan: Pilipinas

Waray-Waray: Pilipinas

Zamboangueno: Filipinas

Arabic: فلبين – ال فلبين نشيد

Baybayin Tagalog:

Mandarin Chinese: 菲律宾 / 菲律賓 – 菲

律宾共和国

Republika kan Filipinas

Republika sa Pilipinas

Republika sang Pilipinas

Republika iti Pilipinas

Republika ning Pilipinas

Ripublika na Pilipinas

Republika han Pilipinas

El Republica de Filipinas

(*Filibin – Al-Jumhuriyyah al-Filibin*)

(Pilipinas-Republika ng Pilipinas)

(*Fēilùbīn – Fēilùbīn Gònghéguó*)

Short name

Philippines

Official name

Republic of the Philippines

Status

Republic since 1898

Location

Souteast Asia

Capital

Manila (Maynila)

Population

108, 771,978 inhabitants

Area

300,000 km₂

Major languages

Filipino (variant of Tagalog) and English (both official), Spanish; with other

Major religions

Philippine languages as regional languages
Roman Catholicism, Protestantism, Aglipayan, Iglesia ni Cristo, Islam, Buddhism, and Philippine traditional religions

Mga Gabay na Salita:

- 1. lawak _____
- 2. lokasyon _____
- 3. distansya mula sa kontinente ng Asya _____
- 4. anyong lupa _____
- 5. anyong tubig _____

Gawain 2

Panuto: Makikita sa isang pahina ng *almanac* ang mga datos o impormasyon tungkol kay Manny Pacquiao. Isulat sa sagutang papel ang iyong mga sagot sa tanong sa ibaba.

Manny Pacquiao



Bantog na Boksingero

<p><i>Junior Flyweight</i> sa edad na 16 Enero 22, 1995</p>
<p>Unang <i>major title</i> nang mapatumba si Chatchai Sasaku ng Thailand Disyembre 4, 1998</p>
<p>Unang laban sa Amerika, napatumba si Lehlo Ledwaba. Nakamit ang <i>International Boxing Federation (IBF) junior featherweight title</i>. Hunyo 23, 2001</p>

Kasunod ng apat na matagumpay na depensa, napatumba si Marco Antonio Barrera ng Mixeco. Naging <i>The Ring Magazine Featherweight Champion</i> . Nobyembre 15, 2003
Lumipas ang maraming taon, napasubo sa sunod-sunod na laban, nanalo ng <i>World Boxing Association (WBA) at IBF Featherweight title</i> .
Umangat sa boksing sa tulong ng kanyang Amerikanong tagasanay na si Freddie Roach
Naging <i>Boxing Writers Association of America</i> at <i>The Ring's Fighter's</i> noong 2006 at 2008
Natalo niya ang kilalang Amerikanong boksingero na Si Oscar Dela Hoya sa Las Vegas Disyembre 6, 2008
Tinaguriang <i>Pound for Pound, World's Finest Boxer</i>
Nanalo ng <i>The Ring's Junior Welterweight Champion</i> nang maitumba si Ricky Hatton ng England Mayo 2, 2009
Nadagdagan ang kanyang <i>championship belt</i> sa rekord na <i>Seventh Weight class</i> nang matalo niya si Miguel Cotto ng Puerto Rico Nobyembre 14, 2009
Natalo niya si Ghanaian boxer Joshua Clottey Marso 13, 2010
Natalo niya ang <i>WBC Super Welterweight Champion</i> na si Antonio Margarito Nobyembre 13, 2010
Nagkaroon ng 15 panalo na nagtapos noong Hunyo 2012 nang matalo ang kanyang <i>WBO Welterweight title</i> laban kay Timothy Bradley
Natalo din siya kay Juan Manuel Marquez Disyembre 2012
Naibalik niya ang <i>WBO Welterweight belt</i> noong natalo niya si Bradley Abril 2014
Natalo niya si Keith Turman at naibalik ang kanyang <i>WBA Super Welterweight Belt</i> Hunyo 20, 2019
Sa edad na 40, siya ang pinakamatandang <i>Welterweight Champion</i> sa kasaysayan ng boksing.

Mga tanong:

1. Sino si Manny Pacquiao?
2. Sa anong edad niya nakamit ang *Junior Flyweight*?
3. Sino ang kaniyang Amerikanong tagasanay?
4. Sino ang kilalang Amerikanong boksingero ang natalo niya sa Las Vegas?
5. Kailan naibalik ang kaniyang *WBA Super Welterweight Belt*?

Gawain 3

Panuto: Gamitin ang isang pahina ng diksyonaryong ito. Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na mga salita at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Palatandaan, pang	-batayang pagkakakilanlan ng anuman
Palatanong, pnr.	-mahilig magtanong
Palatimpo, pnr.	-nakaupo nang patingkayad
Palatitikan, png	-palabaybayan
Palatok, png	-ginataang kamote
Palatuhak, png	-bunton ng bigas na hanggang baywang
Palatuhat, png	-mga piraso ng kahoy sa habihan na pinag-uunatan ng mga sinulid, at itinutulak at hinahatak ng tagagabi sa pagbuo ng tela.
Palatunugan, png.	-pag-aaral at pag-uuri sa iba't ibang makahulugang tunog na ginagamit sa pagsasalita.
Palaw, png	-pulo
Palawakyaw, pnr	-may ugaling gumamit ng mapanlait na salita
Palawan, png	Isang probinsya na matatagpuan sa Rehiyon IV-B ng MIMAROPA (Mindora, Marinduque, Romblon, Palawan)

Mga salitang bibigyan ng kahulugan:

1. palatimpo - _____
2. palatok - _____
3. palatunugan - _____
4. palaw - _____
5. Palawan - _____



Isaisip

Siguradong alam mo na ang apat na pangkalahatang sanggunian at kung alin ang iyong gagamitin sa pagsaliksik ng mga datos o impormasyon na kailangan mo. Ito ay tinatawag sa Ingles na *general references*.

Ang apat na pangkalahatang sanggunian na ginamit natin sa ating mga gawain upang makatipon ng mga mahalagang datos o impormasyon sa isang paksa na nais nating pag-aralan ay ang *almanac*, atlas, diksyonaryo, at *encyclopedia*.



Isagawa

Panuto: Gamit ang isang pahina ng atlas na makikita mo sa larawan, magbigay ng limang datos tungkol sa bansang Hapon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Hapon

日本国

Nihon-koku/Nippon-koku

Pununglunsod (at pinakamalaking lungsod)	Tokyo 35°41'N 139°46'E
Opisyal na wika	Wala
Kinikilalang pampook na wika	Aynu itak, Wikang Ryukyuan, Silangang Hapones, Kanlurang Hapones, at iba pang Diyalektong Hapones
Pambansang Wika	Hapones
Pangkat-lahi	98.5% Hapones, 0.5% Koreano, 0.4% Tsino, 0.6% iba pa
Pangalang-turing	Hapones
Pamahalaan	Unitaryong parlamentaryong demokrasya at monarkiyang konstitusyonal
Emperador	Naruhito
Punong Ministro	Shinzo Abe
Batasan	Diet
Mataas na Kapulungan	Kapulungan ng mga Konseho
Mababang Kapulungan	Kapulungan ng mga Kinatawan
Pagkakatatag	
Pambansang Araw ng Pagkakatatag	Pebrero 660 BC
Panunumbalik ng Panahong Meiji	29 Nobyembre 1890
Kasalukuyang Saligang Batas	3 Mayo 1947
Kasunduan sa San Francisco	28 Abril 1952
Lawak	
Kabuuan	377,944 km ² 145,925 sq mi
Katubigan (5)	0.8
Santauhan	
Pagtataya ng 2011	127,799,000
Lahatambalang ng 2010	128,056,026
Kakapalan	337.1/km ² 873.1/sq mi
KGK (KLP)	Pagtataya ng 2011
Kabuoan	\$4.440 trilyon

Bawat ulo	\$34,739
Gini	37.6 (2008)
TKT (2011)	▲ 0.901 (napakataas) (<u>Ika-12</u>)
Pananalapi	<u>Yen</u> (¥) / <u>En</u> (円 or 圓) (<u>JPY</u>)
Pook ng oras	JST (TPO+9)
Tag-araw (DST)	Hindi ginagamit (TPO+9)
Anyo ng Taburaw	yyyy-mm-dd yyyy年m月d日 <u>Era</u> yy年m月d日 (<u>CE</u> -1988)
Nagmamaneho sa	kaliwa
Internet TLD	.jp
Kodigong pantawag	81

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Tayahin

Panuto: Gamitin ang pahinang ito ng isang *encyclopedia*. Magbigay ng limang datos tungkol sa bulaklak na gumamela. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Klasipikasyong Pang-agham	
Kingdom	<i>Plantae</i>
Clade	<i>Tracheophytes</i>
Clade	<i>Angiosperms</i>
Clade	<i>Eudicots</i>
Clade	<i>Rosids</i>
Order	<i>Malvales</i>
Family	<i>Malvaceae</i>
Tribe	<i>Hibisceae</i>
Genus	<i>Hibiscus</i>
Mga Uri	Mahigit sa 200 mga uri

Ang gumamela, hibisko, o mababaw, may pangalang pang-agham na *Hibiscus* (Ingles: *rosemallow*; Kastila: *flor de Jamaica*) ay isang uri ng mga halamang may mga kasaping uri na kalimitang itinatangi dahil sa kanilang kapansin-pansing mga bulaklak. Tinatawag din silang bulaklak ng *Hamayka*. Kabilang sa malaking saring ito ang mga nasa 200-220 mga uri ng halamang namumulaklak sa loob ng pamilyang *Malvaceae*, na katutubo sa maligamgam, hindi gaanong kalamigan o hindi kainitan, subtropiekal, at tropiekal na mga rehiyon sa buong mundo.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Karagdagang Gawain

Panuto: Makikita mo rito ang isang pahina ng *almanac*. Ano-anong mga impormasyon ang iyong malilikom tungkol kay Kobe Bryant? Magbigay ng lima (5). Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Kobe Bryant



Si Kobe Bryant noong 2015

<i>Personal Information</i>	
<i>Born</i>	23 Agosto 1978 Philadelphia, Pennsylvania
<i>Died</i>	26 Enero 2020 (edad 42) Calabasas, California
<i>Nationality</i>	Amerikano
<i>Listed height</i>	6 ft 6 in (1.98 m)
<i>Listed weight</i>	212 lb (96 kg)
<i>Career Information</i>	
<i>High School</i>	Lower Merion (Ardmore, Pennsylvania)
<i>NBA draft</i>	1996/Round: 1/Pick: ika-13 overall
<i>Selected by the Charlotte Hornets</i>	
<i>Playing career</i>	1996-2016
<i>Position</i>	Shooting guard
<i>Number</i>	8,24
<i>Career History</i>	
1996-2016	Los Angeles Lakers
<i>Career Highlights and Awards</i>	
<i>5X NBA Champion</i>	200-2002, 2009, 2010
<i>2X NBA Finals MVP</i>	2009, 2010
<i>NBA Most Valuable Player</i>	2007
<i>18X NBA All-Star</i>	1998, 2000-2016
<i>4X NBA All-Star Game MVP</i>	2002, 2007, 2009, 2011

<i>11X All-NBA First Team</i>	<i>2001-2003, 2005-2012</i>
<i>2X All-NBA Second Team</i>	<i>1999, 2000</i>
<i>2X All-NBA Third Team</i>	<i>1998, 2004</i>
<i>9X NBA All-Defensive First Team</i>	<i>1999, 2002, 2003, 2005-2010</i>
<i>3X NBA All-Defensive Second Team</i>	<i>2000,2001, 2011</i>
<i>2X NBA Scoring Champion</i>	<i>2005, 2006</i>
<i>NBA Slam Dunk Contest Champion</i>	<i>1997</i>
<i>NBA All-Rookie Second Team</i>	<i>1996</i>
<i>Naismith Prep Player of the Year</i>	<i>1996</i>
<i>Nos. 8 & 24 retired by Los Angeles Lakers</i>	
<i>Career Statistics</i>	
<i>Points</i>	<i>33, 643 (25.0 ppg)</i>
<i>Rebounds</i>	<i>7,047 (5.2 rpg)</i>
<i>Assists</i>	<i>6,306 (4.7 apg)</i>
<i>Stats at Basketball-Reference.com</i>	
<i>Olympic Games</i>	
<i>Ginto</i>	<i>2008 Beijing Team</i>
<i>Ginto</i>	<i>2012 London Team</i>
<i>FIBA Americas Championship</i>	
<i>Ginto</i>	<i>2007 Las Vegas Team</i>



Susi sa Pagwawasto

1. Aralin 1

Subukin
Ang guro ang magwawasto

Balikan

1. Pang-angkop
2. Pang-ukol
3. Pang-uri
4. Pang-abay
5. Pandiwa

Tuklasin

1. Panghalip
2. Pang-abay
3. Pangngalan
4. Panghalip
5. Pangatnig
6. ka-Panghalip
7. Naligo-Pandiwa
8. sa sapa-Pang-abay
9. bayabas-Pangngalan
10. Namitas-Pandiwa

Pagyaanin

Gawain 1

1. Pangngalan
2. Panghalip
3. Pandiwa
4. Pang-abay
5. Pang-abay

Gawain 2

6. Pangngalan
7. Pangngalan
8. Pang-ukol
9. Pangngalan
10. Pandiwa

Gawain 3

1. Kamisitang Pina-Pangngalan
2. Ako-Panghalip
3. Umihom-Pandiwa
4. Matibay at malambot-Pang-uri
5. tunay-Pang-abay
6. at-Pangatnig
7. Para sa-Pang-ukol
8. ng-Pang-angkop
9. saging-Pangngalan
10. Maganda-Pang-uri

Isagawa

Ang guro ang magwawasto

Tayahin

Ang guro ang magwawasto

Karagdagang Gawain

Ang guro ang magwawasto

11. Aralin 2

Pagymanin:

Gawain 1

1. Lawak – 300,000 km²
2. Lokasyon – SouthEast Asia
3. Distanasya-100 kilometro ang layo nito sa Kontinente ng Asya.
4. Anyong Lupa - bulkan, bundok, kapatagan, burol, lambak, talampas, bulubundukin,pulo,yungib, at tangway
5. Anyong Tubig- karagatan, dagat, look, law, ilog, at talon

Gawain 2

1. Kilala sa larangan ng boksing
2. 16
3. Freddie Roach
4. Oscar Dela Hoya
5. Hunyo 20, 2019

Gawain 3

1. nakapupo ng patingkayad
2. pulo
3. ginataang kamote
4. lalawigan sa Timog Katagalugan ng Filipino Rehiyon IV
5. Pag-aaral at pag-urri sa iba-ibang makahulugang tunog na ginagamit sa pagsasalita.

Isagawa

1. Ang Hapon ay binubuo ng 6,852 mga pulo.
2. Ang bansang Hapon ay may 128 milyong katao.
3. panghukay
4. nars
5. barko
6. gatas
7. paliparan
8. hawa
9. bahay
10. buhok

Maaring tanggapin ang ibang angkop na sagot

Gawain 2

1. bahagi
2. gamit
3. bahagi
4. bahagi
5. bahagi

Gawain 3

Ang guro ang maguawasto

Subkin

1. C
2. B
3. D
4. A
5. C
6. B
7. D
8. B
9. C
10. A

Balikan

1. pangngalan
2. pangngalan
3. pandiwa
4. pang-uri
5. pangngalan

Tuklasin

1. Ang isang kompyuter o computer ay isang pangkalahatang paggamit na kasangkapan na maaaring iprograma upang magtagapang ng isang may hangganang hanay ng mga operasyong aritmetiko o lohikal.
2. CPU ang utak ng kompyuter na nagpoproseso na tipikal.
3. ALU (arithmetic logic unit) bahagi ng CPU na nagtagapang ng mga operasyong aritmetiko.
4. CU-control unit, bahagi ng CPU na kumukuhang mga instruksiyon sa memorya at nagtagapang ng mga operasyong mga ito na tumatagapang sa ALU kung kinakailangan.
5. Ang modernong kompyuter na nakabatay sa mga integrated circuit.

3. Ang bansang Hapon ay ang ikatlong pinakamalaking ekonomiya sa buong mundo noong 2012.

4. Tokyo ang pununglunsod ng Hapon.

5. May lawak ang bansang Hapon ng
377,944 km²

Tayahin:

1. Ang gumamela ay may pangalang pang-
agham na Hibiscus.

2. Mayroong 200-220 mga uri ang gumamela.

3. Ang gumamela ay tinatawag na bulaklak ng
Hamayka.

4. Ang gumamela ay nagmula sa Kingdom ng
Plantae.

5. Tumutubo ang gumamela sa maligamgam
at hindi gaanong kalamigan o hindi kainitan.

Karagdagang Gawain:

Guro ang magwawasto.

Sanggunian

Atlas of the Philippines. (2020, June 13). In Wikimedia.

https://commons.wikimedia.org/wiki/Atlas_of_the_Philippines

Collins, N. (n.d.). Manny Pacquiao, Filipino boxer and politician, Britannica.

www.britannica.com/biography/MannyPacquiao

Gumamela. (2019, Pebrero 4). In Wikipedia.

<https://tl.wikipedia.org/wiki/Gumamela>

Hapon. (2021, Pebrero 19). In Wikipedia.

<https://tl.wikipedia.org/wiki/Hapon>

Kobe Bryant. (2020, Hunyo 24). In Wikipedia.

https://tl.wikipedia.org/wiki/Kobe_Bryant

Kompyuter. (2020, Hunyo 14). In Wikipedia.

<https://tl.wikipedia.org/wiki/kompyuter>

Lydia B. Liwanag, L. B. PhD. (2011). **Landas sa Wika 6**, EduResources Publishing, Inc., pahina 129, 131, 154-158, 161, 167

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph